KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD
1600 NINTH STREET, Room 240, MS 2-13
SACRAMENTO, CA 95814
TTY (916) 654-2054 (Para sa May Kapansanan sa Pandinig)
(916) 654-1897

Oktubre 30, 2020

PARA SA: MGA EHEKUTIBONG DIREKTOR NG SENTRONG PANREHIYON

PAKSA: PROGRAMA NG SARILING PAGTUKOY: MGA PAGBABAYAD PARA SA PAUNANG MGA SERBISYO SA PAGPAPLANO NA NAKASENTRO SA TAO

Upang higit na linawin ang direktiba na inilabas noong Pebrero 13, 2019, at ang direktiba na inilabas noong Setyembre 3, 2019, ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad o Department of Developmental Services (DDS) ay nagbibigay sa mga sentrong panrehiyon ng patnubay na ito tungkol sa mga pagbabayad para sa paunang pagpaplano na nakasentro sa tao sa Programa sa Sariling Pagtukoy (Self-Determination Program, SDP).

Kapag bumibili ang mga sentrong panrehiyon ng mga paunang serbisyo ng SDP sa pagpaplano na nakasentro sa tao, maaaring kabilang sa mga serbisyong iyon ang mga pagbabayad sa mga independiyenteng tagapangasiwa na nagsasagawa ng anuman sa mga tungkulin ng Independiyenteng Tagapangasiwa na nakasaad sa direktiba ng Kagawaran noong Disyembre 21, 2018.

Ang patnubay na ito ay limitado lang sa pagbili ng mga paunang serbisyo sa pagpaplano na nakasentro sa tao para sa mga kalahok sa SDP. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnay sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Nilagdaan ang orihinal ni:

BRIAN WINFIELD
Chief Deputy Director